8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 2

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 2: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

**Tagasuri:**
- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**VALUES EDUCATION / KUWARTER 2 / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pagkilala sa presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya upang malinang ang pananampalataya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Naisasabuhay ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagkilala sa presensiya ng Diyos sa kinabibilangang pamilya.<br>a. Nakakikilala ng mga situwasyon na indikasyon ng presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya.<br>b. Napatutunayan na ang presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya ay makikita sa kapayapaan, katatagan, at pagmamahalan sa loob ng pamilya.<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng pagkilala sa presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (*Values to be developed*)** | Pananampalataya (*Faith*) |
| **E. Nilalaman** | Pagkilala sa Presensiya ng Diyos sa Loob ng Pamilya<br>A. Indikasyon ng Presensiya ng Diyos sa Loob ng Pamilya<br>B. Paglalapat ng Pananamplataya sa Pamamagitan ng Pagkilala sa Presensiya ng Diyos sa Loob ng Pamilya |
| **F. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| *1 Tesalonica 5:16-18 (MBBTAG)*. (n.d.). Bible Gateway. https://www.biblegateway.com/passage/?search=1%20Tesalonica%205%3A16-18&version=MBBTAG<br>*49 Mga Taludtod ng Bibliya Tungkol Sa Ang Presensya Ng Diyos*. (n.d.). https://bible.knowing-jesus.com/Tagalog/topics/Ang-Presensya-Ng-Diyos<br>*Ano ang ibig sabihin na pagiging kabahagi sa pamilya ng Diyos?* (n.d.). https://www.gotquestions.org/Tagalog/pamilya-Diyos.html |

BLESSED to be LUCKY. (2021, November 11). *ANG PANGINOON ANG AKING PASTOL with Lyrics* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=_3KcUlzDt2c

*Lucas 17:11-19 (MBBTAG)*. (n.d.). Bible Gateway. https://www.biblegateway.com/passage/?search=Lucas%2017%3A11-19&version=MBBTAG

M, J. (2023, June 26). *It Is Well with My Soul*. Hymns. https://gccsatx.com/hymns/it-is-well-with-my-soul/

Michelle, M. (2021, July 17). *Footprints In The Sand - 10 Free PDF Printables | Printablee*. Pinterest. https://www.pinterest.com/pin/footprints-in-the-sand-poem-printable-version--141089400815705219/

*Pananampalataya: monolingual Tagalog definition of the word pananampalataya.* (n.d.). TagalogDotCom. https://www.tagalog.com/monolingual-dictionary/pananampalataya

Primero, D. (2022, December 18). *Ano ang Pananampalataya? (At Ano ang Hindi) | Driven By The Gospel*. Driven by the Gospel. https://drivenbythegospel.org/ano-ang-pananampalataya-at-ano-ang-hindi/

TagalogLang. (2022, October 24). *PANANAMPALATAYA*. TAGALOG LANG. https://www.tagaloglang.com/pananampalataya/


*The Presence of God - Bible Definition & Meaning*. (n.d.). Bible Study Tools. https://www.biblestudytools.com/dictionary/presence-of-god/

TheVoltaire. (2012, February 29). *FOOTPRINTS in the sand with lyrics.* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=jKnb21pwESI

Mga sanggunian ng larawan:


X27;Playingwithbrushes&#X. (n.d.). *Old paper texture*. Flickr. https://www.flickr.com/photos/82518118@N00/2546732241

*Christ healing man leprosy. Woodcut.* (n.d.). Openverse. https://openverse.org/image/4ba428d3-3af3-4dba-a78b-11c10f1eb860?q=Jesus%20heals%20the%20leprosy


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br>1. Maikling Balik-aral<br>SUSURIIN KO: Pagmasdan at basahing maigi ang mga kataga mula sa libro sa 1 Tesalonica 5:16-18 at sagutin ang mga katanungan na ibibigay ng guro<br><br></td><td>Bigyan ng isa hanggang dalawang minuto ang bawat mag-aaral na pagnilayan ang nakapaloob sa papel. Magtawag ng ilang mga mag-aaral upang ibahagi ang kaniyang pananaw sa nabasa. Huwag kalimutang iugnay ito sa nakaraang aralin ukol sa pagiging mapagpasalamat sa Diyos sa tulong ng pamilya at kapuwa.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Mga Tanong:**<br>A. Ano ang iyong pananaw ukol sa nabasa? Bakit kailangang magpasalamat sa lahat ng pagkakataon?<br>B. Ano-ano ang mga paraan ng pasasalamat na natutuhan mo sa iyong pamilya at sa kapuwa?<br><br>Tunay nga na napakahalaga ng pasasalamat at pagkilala sa mga biyayang natanggap mula sa Diyos. Na kung saan, ang pamilya ay isang mahalagang bahagi ng ating buhay na nagbibigay ng suporta, pagmamahal, at pagkakaisa. Sa pamamagitan ng kanilang buhay, nararamdaman natin ang biyayang dulot ng Diyos sa ating buhay. Sa bawat sandali ng kasiyahan, pagsubok, at tagumpay, ang pamilya ay kasama nating nagpapasalamat sa mga biyayang ito. Sa ganitong paraan, ang pagkilala at pasasalamat sa Diyos ay nagiging mas malalim at makabuluhan dahil sa pagiging bahagi ng ating pamilya. Sa bawat araw, isang patunay ang pamilya na ang pagpapala ng Diyos ay patuloy na naglalakbay sa ating buhay, at sa pamamagitan ng kanilang pagmamahal at suporta, patuloy tayong nagiging bukas-palad at mapagpasalamat sa Kaniyang biyaya. | Maaaring gamitin ang *site* na ito para magtawag ng mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang pananaw at karanasan: https://spinit.connectedpe.com |

<table>
<tr>
<td>A. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>
Suriin ang Sarili: Sagutan ng may katapatan ang bawat pahayag.<br>
Indikasyon:<br>
0-hindi ginagawa<br>
1-paminsan-minsang ginagawa<br>
2-palaging ginagawa
<table>
<tr><th>Situwasyon</th><th>0</th><th>1</th><th>2</th></tr>
<tr><td>1. Sama-samang nagsisimba tuwing linggo ang aming pamilya.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. May panahong inilalaan ang bawat miyembro ng pamilya para sa pag-aaral at pagbabasa sa salita ng Diyos.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Nagdarasal bago kumain.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4. Nakikilala ang mga biyayang natatanggap at ipinagpapasalamat ito sa Diyos.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>5. Ang mga nababasang aral mula sa salita ng Diyos ay aking isinasabuhay.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>6. Tumutulong sa kapuwa na nangangailangan.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>7. Positibo ang pananaw sa buhay sa kabila ng mga pinagdadaanan.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>8. Sinisigurado na ang aking mga ginagawa ay nagbibigay ng parangal sa Diyos.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>9. Pinapahalagahan ang relasyon at pagmamahal sa pamilya.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>10. Kinikilala na ang Diyos ang nagbigay ng buhay kaya naman inaalagaan ang sarili.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
Mga tanong:<br>
1. Ano ang iyong natuklasan sa iyong sarili matapos sagutan ang mga pangungusap?<br>
2. Ano sa palagay mo ang nagtutulak sa isang pamilya na magawa o magampanan ang mga nabanggit sa mga situwasyon?<br>
3. Base sa resulta ng gawain, masasabi mo ba na ang presensiya ng Diyos ay nasa loob ng iyong pamilya? Pangatwiranan
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Ipaliwanag na sa araling ito matututuhan ang kahalagahan ng presensiya ng Diyos sa loob ng tahanan, at ang mga indikasyon nito.<br><br>2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>Ang Aking Kaalaman: Ang mga salitang nasa loob ng kahon ay may kaugnayan sa presensiya ng Diyos sa pamilya. Sumulat sa labas ng kahon ng tatlong salita o parilala na may kaugnayan sa kahulugan ng mga ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.<br><br><br></td>
<td>Paghawan ng Bokabolaryo<br>Mga inaasahang kasagutan:<br>Katatagan:<br>● lakas ng kalooban<br>● katagumpayan<br>● determinasyon<br>● hindi pagsuko<br><br>Pagmamahalan<br>● paggawa ng mabuti<br>● pagtanggap sa kahinaan<br>● pag-aalaga<br>● hindi pagpapabaya<br>● pagkapit sa kabila ng pagsubok<br><br>Pagbubuklod<br>● pagkakaisa<br>● pagsasama<br>● pagpapatatag<br>● pagtutulungan<br><br>Kapayapaan<br>● katahimikan<br>● katiwasayan<br>● walang kaguluhan<br>● walang alitan</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>Kaugnay na Paksa 1: Indikasyon ng Presensiya ng Diyos sa Loob ng Pamilya<br>Ang pinakakaraniwang salitang Hebreo para sa presensiya ay panim, na isinalin din na "mukha," na nagpapahiwatig ng malapit at personal na pakikipagtagpo sa Panginoon. Ang Diyos ay sinasabing nasa lahat ng lugar (omnipresence) kasama na ang ating pamilya – ang unang institusyon na nilikha Niya. Mula pa noong una, ang kalooban ng Diyos ay makaniig at makatagpo ang tao. Nangyayari ito kung may mabuting relasyon ang mga kasapi ng pamilya at ang Diyos. Kaya sa panahon man ng hirap o ginhawa nararanasan ng pamilya ang presensiya ng</td>
<td></td>
</tr>
</table>

Diyos. May mga pagkakataon na parang malayo ang Diyos pero may pangako Siya sa bawat anak Niya na hindi iiwan o pababayaan man. Ano nga ba ang mga indikasyon na nagpapahiwatig ng presensiya ng Diyos sa ating buhay at sa ating tahanan?

Balikan ang gawain sa paglinang sa kahalagahan sa pagkatuto sa aralin.

**Itanong:** Alin sa mga situwasyon ang ginagawa ninyo sa inyong pamilya na nagpapatunay na ang presensiya ng Diyos ay nasa inyong pamilya?

**MGA INDIKASYON NA NAGPAPAKITA NG PRESENSIYA NG DIYOS**

- **Pagkakaisa at Pagmamahalan:** Ang pamilyang pinapangunahan ng pananampalataya sa Diyos ay karaniwang nagpapakita ng pagmamahalan, pagbibigayan, at respeto sa isa't isa bilang mga anak ng Diyos. Ang pagmamahal na tinanggap sa Diyos ay naibabahagi rin sa ibang kasapi ng pamilya.
- **Pagsamba:** Ang pagdalo sa mga pangangaral, pagsamba, at iba pang gawain ng pananampalataya bilang isang pamilya ay nagpapakita ng kanilang pagtanggap sa presensiya at kahalagahan ng Diyos sa kanilang buhay. (halimbawa: pakikidalo sa *Prayer Meeting*, pakikibahagi sa mga aktibidad ng simbahan, pagsisimba tuwing linggo o araw ng samba).
- **Panalangin:** Ang panalangin bilang isang pamilya ay nagpapakita ng kanilang pagtitiwala at pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ay nagbibigay-daan sa kanila na maging bukas sa Kaniyang gabay at tulong sa kanilang pang-araw-araw na buhay. (Halimbawa: padarasal bago kumain, o bago bumangon sa umaga o bago matulog)
- **Pagtanggap sa Salita ng Diyos:** Ang pag-aaral at pagsusuri sa Banal na Kasulatan (Bibliya) bilang isang pamilya ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga aral ng Diyos at pagiging bukas sa Kaniyang mga turo at gabay. Nakapaloob din dito ang sariling pag-aaral sa Salita ng Diyos at paglalaan ng oras upang magnilay sa sinasabi ng Kaniyang salita.
- **Pagtanggap at Pagpapatawad:** Ang kakayahan na magpatawad at magpahalaga sa pagkakamali ng isa't isa sa loob ng pamilya ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga aral ng Diyos tungkol sa pagmamahal at pagpapatawad.
- **Pagtulong sa Kapuwa:** Ang pagbibigay-tulong at paglilingkod sa mga nangangailangan sa loob at labas ng pamilya ay nagpapakita ng kanilang pagmamalasakit at pagpapakita ng pag-ibig sa kapuwa, na itinuturing na paglilingkod sa Diyos.

| | | |
|---|---|---|
| | ● **Pagpapalaganap ng Kabutihan:** Ang pagiging tagapagtaguyod ng kabutihan, katarungan, at pagmamahalan sa komunidad ay nagpapakita ng impluwensiya ng pananampalataya sa Diyos sa pagpapalaganap ng Kaniyang kaharian sa lupa.<br>● **Pagkakaroon ng Kapayapaan:** Ang kapayapaan sa pamilya ay nagmumula sa Diyos. Kapag ang pamilya ay nagkakaroon ng pagkakaunawaan at pagtanggap sa isa't isa, ito'y nagpapakita ng presensiya ng Diyos sa kanilang tahanan.<br>● **Pagkakaroon ng katagumpayan sa mga pagsubok sa buhay.** Ano man ang mga pinagdadaanang pagsubok, nagiging magaan ito at nalalampasan ng matagumpay dahil ang Diyos ang nagbibigay ng gabay at karunungan upang malagpasan ang mga pagsubok.<br>Ang mga indikasyong ito ay nagpapakita ng epekto ng presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya. Ito ay nagiging gabay at pundasyon ng kanilang buhay at relasyon sa isa't isa. Sa bawat aspekto ng buhay, makikita ang Kaniyang biyaya, gabay, at pagmamahal na nagpapatibay sa pananampalataya at pagkakaisa bilang isang pamilya. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga nabanggit na indikasyon, nagiging patotoo ang pamilya sa pag-ibig at kagandahang-loob ng Diyos sa kanilang buhay at maging sa komunidad.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Awitin Natin**<br>Iparinig at ipasuri ang awiting *"Footprints in the Sand"*<br>*Footprints in the sand, He held me in His hands*<br>*Someday I'll understand*<br>*footprints in the sand (ooh, oooh)*<br><br>*Last night I had a dream.*<br>*I dreamed I was walking along the beach with my Lord.*<br>*Across the sky flashed scenes from my life.*<br>*For each scene, I noticed two sets of footprints in the sand,*<br>*One belong to me and the other to the Lord.*<br>*After the last scene of my life flashed before me,*<br>*I looked back at the footprints in the sand.*<br>*I noticed that at many times along the path of my life,*<br>*especially at the very lowest and saddest times,*<br>*there was only one set of footprints.*<br>*Footprints in the sand, He held me in His hands* | **Awitin Natin**<br>Bago iparinig, ipabasa, o ipaaawit ang kanta, maglaan ng ilang sandali upang talakayin ang kahulugan ng bawat talata ng kanta.<br><br>Mapapanood ang bidyo ng kanta sa *link*: https://www.youtube.com/watch?v=jKnb21pwESI |

| | | |
|---|---|---|
| | *Someday I'll understand*<br>*footprints in the sand (ooh, oooh)*<br><br>*Now, this really troubled me, so I asked the Lord about it.*<br>*"Lord, you said once I decided to follow you,*<br>*You'd walk with me all the way.*<br>*But I noticed that during the saddest and the lowest times in my life, there was only one set of footprints.*<br>*I don't understand why, when I needed You the most,*<br>*You would leave me."*<br>*The Lord replied, "My son, my precious child,*<br>*I love you and I would never leave you"*<br>*During your times of suffering,*<br>*When you could see only one set of footprints,*<br>*It was then that I carried you."*<br><br>**Pamprosesong katanungan:**<br>1. Nasaan ang tagapagsalita at ano ang kaniyang nararanasan?<br>2. Ano ang pakahulugan mo sa "mga bakas ng paa sa buhangin"?<br>3. Ano ang iba't ibang interpretasyon ng mga linyang "Isang hanay ng mga bakas ng paa" at "dalawang hanay ng mga bakas ng paa"?<br>4. Sa anong pagkakataon "lumalakad sa tabi" natin ang Diyos?<br>5. Nagkaroon na ba ng panahon sa iyong buhay na naramdaman mong nag-iisa o hindi ka sinusuportahan? Paano mo ito hinarap? Naranasan na din ba ito ng iyong pamilya?<br>6. Ano ang aral na mapupulot sa kanta tungkol sa presensiya ng Diyos sa ating buhay?<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain: Aking Karanasan, Aking Ilalahad**<br>Isasalaysay ng mga mag-aaral ang kanilang karanasan kung paano nakita sa loob ng pamilya ang presensiya ng Diyos. Maaaring ihayag ang mga pagsubok na naransan o kaya naman ay mga pagpapalang natanggap mula sa Diyos na nagpapatunay ng Kaniyang presensiya.<br><br>1. Isalaysay ang sariling kwento ukol sa iyong karanasan na nagpapatunay na ang Diyos ay laging nariyan at hindi tayo pinababayaan. | |

2. Ibigay ang mga indikasyon ng presensiya ng Diyos na nakita mula sa situwasyong nailahad.

3. Gumuhit ng isang simbolo na magpapaalala sa'yo ng presensiya ng Diyos sa buhay ninyo bilang pamilya (halimbawa mula sa kanta ang mga yapak sa buhangin).

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Paglalapat ng Pananampalataya sa Pamamagitan ng Pagkilala sa Presensiya ng Diyos sa Loob ng Pamilya**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ang presensiya ng Diyos ay nasa lahat lugar. Hindi man natin Siya nakikita dahil Siya ay espiritu, may mga paraan upang makita ang Kaniyang presensiya sa ating paligid, sa ating pamilya at sa ating buhay. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

**Pananalangin ng taimtim at may katapatan.** Ang panalangin ay daan para sa ating pakikipag-usap sa Diyos. Ipinapakita nito ang ating pagiging bukas sa Kaniya at paghahanap ng Kaniyang kalooban. Nakikita ng Diyos ang laman ng ating puso at sa ating pagdarasal ng taimtim at ayon sa Kaniyang kalooban sinasagot Niya ang mga panalangin. Ang mga nakikitang kasagutan sa ating mga dasal ay patunay na ang Diyos ay nasa ating buhay.

**Maglaan ng oras upang magpahinga sa piling ng Diyos.** Mahalaga ring maglaan tayo ng oras para magpahinga at makipag-ugnayan sa Diyos. Ito ay maaaring sa pamamagitan ng pagbabasa ng Kaniyang mga salita at pagmumuni-muni dito.

| | | |
|---|---|---|
| | **Magkaroon ng iba pang gawain upang mapalapit sa Diyos**. Isa sa mga maaaring gawin ay maging mapagpasalamat sa mga tao sa paligid. Bigyang-halaga ang mabubuting ginagawa nila para sa iyo at sa inyong pamilya at ipagpasalamat sa Diyos ang buhay nila. Maaari rin maglakad sa labas upang masilayan ang mga magagandang gawa ng Diyos. Ayon sa Psalm 19:1<br>Ang kaluwalhatian ng Diyos ay ipinapahayag ng kalangitan!<br>Ang ginawa ng Kaniyang kamay, ipinapakita ng kalawakan!<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain 1: *Sensory Scavenger Hunt***<br>Palabasin ang mga mag-aaral sa loob ng 10 minuto. Hayaan silang magmasid sa paligid at tukuyin ang mga nakikita sa kalikasan na nagpapaalala o nagpapatotoo sa presensiya ng Diyos. Habang naglalakad, hayaan ang mga mag-aaral na kumpletuhin ang isang *sensory scavenger hunt*. Lagyan nang maiksing paliwanag ang mga sagot.<br>o Maghanap ng bagay na magpapakalma sa iyong pakiramdam (hal., banayad na simoy ng hangin)<br>o Maghanap ng isang bagay na nagpapakita ng pagkamalikhain (hal., isang natatanging bulaklak)<br>o Maghanap ng isang bagay na nagpapakita ng pagtutulungan (hal., mga bubuyog na nag-pollinate ng mga bulaklak)<br>o Maghanap ng isang bagay na nagbibigay inspirasyon (hal., isang matayog na puno)<br>Pagbalik sa silid-aralan, tumawag ng mga magbabahagi ng kanilang kasagutan.<br>Pamprosesong katanungan:<br>1. Ano ang iyong naramdaman habang isinasagawa ang gawain?<br>2. Ano-ano ang mga bagay sa kapaligiran ang nagpapaalaala sa iyo ng presensiya o kabutihan ng Diyos? Ipaliwanag ang sagot.<br>3. Nakatulong ba ang gawain para mas maramdaman mo pa ang presensiya ng Diyos? Sa papaanong paraan?<br><br>**Gawain 2:** Gamit ang *metacards,* ipasulat ang isang paraan na naramdaman nila ang presensya ng Diyos sa pamamagitan ng bawat miyembro ng pamilya (hal., mga salita ni Nanay na naghihikayat, ang pagkamapagpatawa ni Tatay, ang mapaglarong kapatid). Idikit ang mga metacards sa pisara at talakayin.<br>Pamprosesong katanungan: | ***Gawain 1: Sensory Scavenger Hunt***<br>Mas mainam kung sa hardin ng paaralan dalhin ang mga mag-aaral upang magmasid.<br><br>**Gawain 2:** Sa pagproseso, pagsamasamahin ang magkakapareho ang tema at bumuo ng mga kategorya o di kaya ay mga tema kung paano makikilala ang presensiya ng Diyos sa pamilya. |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Masasabi mo ba na ang inyong pagsasama bilang isang pamilya ay nakaugat sa pananampalataya sa Diyos? Bakit?<br>2. Sa papaanong paraan ninyo nadarama ang presensiya ng Diyos sa inyong pamilya?<br>3. Ano ang kabutihang naidudulot ng pagkilala sa presensiya ng Diyos sa iyong buhay at sa iyong pamilya?<br><br>**IKAAPAT ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Panuto:** Gumawa ng isang *slogan* na binubuo ng sampo (10) hanggang labinlimang (15) salita gamit ang temang ”Ang Presensiya ng Diyos sa Aking Pamilya”. Gawin ito sa *short bond paper*. | **Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Maaaring baguhin ang pamantayan sa gawain. |

| Pamantayan | | |
|---|---|---|
| **Kraytirya** | **Deskripsyon** | **Kaukulang puntos** |
| Nilalaman | Mabisang naipakita ang mensahe. | 5 |
| Pagkamalikhain at Kalinisan | Maganda at malinaw ang pagkakasulat ng mga titik o salita. | 5 |
| Pagpasa sa Tamang Oras | Naipasa sa takdang panahon ang gawain. | 5 |

| | | |
|---|---|---|
| 4. **Paglalahat** | 1. **Pabaong Pagkatuto**<br>1. Paano nakakatulong ang presensiya ng Diyos sa pagpapanatili ng pagkakaisa, pagmamahalan, at kapayapaan sa loob ng pamilya?<br>[ ]<br><br>2. Ano ang mga paraan na maaaring gawin ng pamilya upang makilala ang presensiya ng Diyos sa pamilya? Magbigay ng dalawa at ipaliwanag.<br>[ ] | |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Paano makatutulong ang pagbabasa ng salita ng Diyos at pagninilay dito upang maramdaman ang Diyos sa loob ng tahanan?<br><br>2. **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Paano mo maipapakita na ang Diyos ang sentro ng inyong pamilya?<br>____________________<br>Ano-ano ang mga hakbang na maaari mong gawin upang mapalalim ang iyong kaalaman at pag-unawa sa presensiya ng Diyos sa iyong pamilya?<br>____________________<br>Paano mo mararanasan ang presensiya ng Diyos sa iyong pang-araw-araw na buhay?<br>____________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Basahin at unawain ang sumusunod. Isulat ang titik ng pinakatamang sagot.<br>1. Ano ang isang mahalagang konsepto na nagpapatunay ng pananampalataya sa pamilya?<br>a) Pagpapalakas ng kahinaan<br>b) Pagkilala sa presensiya ng Diyos<br>c) Pagsisimba kada linggo<br>d) Pag-iwas sa pananampalataya<br>2. Ano ang isa sa mga paraan upang mapalalim ang ating kaalaman at pag-unawa sa Diyos?<br>a) Pagbabasa ng Bibliya at pagninilay<br>b) Pagbabasa ng mga *inspirational books*<br>c) Panonood ng mga bidyo tungkol sa pananampalataya<br>d) Paggamit ng *social media* upang ibahagi ang salita ng Diyos<br>3. Ano ang maaaring maging paraan upang maranasan ang presensiya ng Diyos sa ating buhay?<br>a) Pagtutok sa mundo<br>b) Pagtulong sa kapuwa | **Mga Sagot:**<br>1. B<br>2. A<br>3. D<br>4. A<br>5. B |

c) Pag-aaral ng kasaysayan
d) Panalangin at pagsamba

4. Ano ang mga palatandaan o indikasyon na nararamdaman mo ang presensiya ng Diyos sa inyong pamilya?
a) Nararamdaman ninyo ang pagmamahalan at pagkakaisa bilang pamilya.
b) May mga hindi inaasahang biyaya o tulong na dumadating sa inyo.
c) Naniniwala kayong may plano ang Diyos sa lahat.
d) Iniisip ang Diyos sa mga pagkakataon ng krisis.

5. Nakatutulong ba ang inyong pananampalataya sa Diyos sa pagpanatili ng kapayapaan, pagmamahal, at katatagan sa inyong pamilya?
a) Hindi, dahil hindi konektado ang pananampalataya sa mga relasyon sa pamilya
b) Oo, dahil ang pananampalataya ay nagbibigay ng gabay at lakas sa panahon ng pagsubok.
c) Oo, dahil ang kapayapaan at pagmamahal ay natural na mangyayari.
d) Hindi ko alam, dahil hindi pa namin nararanasan ang ganitong situwasyon sa aming pamilya.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**
**Sisidlan ng Pasasalamat ng Pamilya**

Mag-*decorate* ng isang garapon o kahon kung saan ilalagay ng bawat miyembro ng pamilya ang isinulat na mga bagay na pinasasalamatan nila tungkol sa pamilya o mga bagay na kanilang nasaksihan na makikita bilang presensiya ng Diyos (hal., pagdaig sa isang hamon, sandali ng hindi inaasahang kagalakan). Gagawin ito sa loob ng isang linggo. Basahin ang mga ito nang magkasama sa katapusan ng linggo.

| **A. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **B. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang paggalang sa buhay sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Paano ginampanan ng mga mag-aaral ang kanilang pangkatang gawain?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral sa paggalang sa buhay?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod upang mas mapahalagahan ng mga mag-aaral ang kanilang buhay?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |